# Makakatanggap ka ba ng impormasyon ukol sa disaster at weather ?

Sa oras na may dumating na disaster, kailangan natin ang tamang impormasyon. Kami po ay lumikha ng leaflet na nagpapakilala ng smartphone apps at tools na magagamit upang makatanggap ng impormasyon ukol sa disaster sa Hokkaido. Atin po itong alamin at maging handa sa pag tanggap ng pinakamaagap na impormasyon.

*Kung ang kontrata ay para sa data lang at walang japanese number o kaya ay gumagamit lamang ng Wi-Fi, kayo parin ay makakatanggap ng impormasyon

## Safety tips

APP

Ito ay isang Apps na binuo ng Japan Tourism Agency na magpapadala ng impormasyon ukol sa disaster sa buong Japan.

https://www.jnto.go.jp/safety-tips/eng/app.html

Wika：Hapon, Ingles, Tsina (Tradisyunal・Simple), Koreano, Kastila, Portuguese, Biyetnam, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali, Khmer, Burmese, Mongolian.

## NHK WORLD JAPAN

APP

Apps na kung saan mapapanood nang live ang balita sa Japan at malalaman ang impormasyon ukol sa disaster,mapapanood sa wikang Ingles（ang ibang wika ay lumalabas sa screen）

https://www3.nhk.or.jp/nhkworld/ja/app/

Wika：Arabo, Indonesian, Ukranian, Urdu, Ingles, Kastila Swahili, Thai, Intsik, Turkish, Hangul, Burmese, Hindi, French, Biyetnam, Persian, Bengali, Portuguese, Ruso.

## Yahoo!Impormasyon ukol sa disaster

APP

Libreng apps na magbibigay ng maagap na impormasyon sa pamamagitan ng push notification ukol sa lindol, tsunami, paglikas, pinsalang dulot ng malakas na ulan at iba pang impormasyon ukol sa disaster

https://emg.yahoo.co.jp/

Wika：Hapon, Ingles, Tsina, Koreano

*Ang home ng apps na ito ay nasa wikang hapon, kung pipindutin ang Push Notification, maaaring palitan ang wikang gagamitin.

## Email para sa impormasyon mula sa Hokkaido Disaster Prevention

EMAIL

Pinakabagong serbisyo na mag papadala ng impormasyon na inilabas ng Meteorological Observatory ukol sa malakas na ulan, baha, mga babala, at maaaring pagtaas ng tubig sa ilog sa buong Hokkaido.

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=6933368257951

Wika：Hapon, Ingles, Tsina( Tradisyunal・Simple), Koreano, Ruso, Thai, Malay, Kastila, Tagalog, Portuguese, Biyetnam, Nepali, Indonesian.

## ((!)) Alertong Impormasyon sa Emerhensya

ALERT

Libreng serbisyo ng mga kompanya ng smart phone na nagpapadala ng alertong impormasyon sa emerhensya ukol sa pinsalang haharapin ng bansa o mga rehiyon・magpapadala ng impormasyon nang sabayan sa mga naturang lugar. Para matanggap ng email, siguruhing ang gamit na smart phone ay walang limit sa pagtanggap ng email at kailangan itong i set. Kung naka On ang notification ay makakatanggap ng impormasyon.

Wika：May kaibahan sa magagamit na wika ayon sa mga kompanya ng Smart phone（NTT Docomo,KDDI・Okinawa Cellular（au）, Softbank atbp.)

www.hiecc.or.jp/soudan www.facebook.com/hiecc.support E-MAIL: support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845